# ANG PALAKOL NI ANGNGANAY

Noong unang panahon, may isang binata na nakatira sa tuktok ng bundok. Siya si Angnganay.

Isang araw, nanguha siya ng panggatong. Nang pauwi siya, dumaan siya sa ilog.

Habang tinatawid ang ilog, nahulog niya ang kanyang dalang palakol.

"Naku! Ang palakol ko! nahulog sa tubig, ano kaya ang gagawin ko? Alalang sabi ni Angnganay. Hindi kasi siya marunong lumangoy.



Maya-maya, nagulat siya nang may biglang lumitaw na malaking Isda. May kagat-kagat ito na gintong palakol.

" Ito ba ang hinahanap mong palakol?"

"Naku! Hindi po iyan ang aking palakol", sagot ni Angnganay.

Muling lumusong sa tubig ang Isda.Paglitaw niya, kagat-kagat niya ang palakol na yari sa pilak.

Itinanong niya uli, “ito ba ang iyong palakol?”

Hindi rin po”, sagot muli ni Angnganay.

Sa pangatlong besesna paglusong ng Isda inilabas niya ang palakol na yari sa kahoy. Pagkakita sa palakol na yari sa kahoy, Napasigaw si Angganay, “Iyan po ang aking palakol!”

Dahil sa di pagsisinungaling ni Angnganay, napahanga niya ang Isda. Binigyan siya ng gantimpala.

“Dahil sa ipinakita mong katapatan, ibibigay ko na sa iyo itong ginto at pilak na palakol”, ang sabi ng Isda.

”Naku! Maraming salamat po”, masayang sagot ni Angnganay, Napatalon pa siya sa tuwa.

Nang lumingon siya, hindi na niya nakita ang malaking isda. Bumalik na ito sa tubig.

Umuwi naman si Angnganay na tuwang-tuwa. Nakuha na niya ang kanyang palakol. May ginto at pilak na palakol pa siyang gantimpala.

